| | | |
|---|---|---|
| **PANGALAN AT LARAWAN** | Robert John Concepcion Cruz | **APPLICATION** |
| **DULOG** | Moral Development | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang 5<br>Ikalawang Markahan | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 16. Nakapagsasaalang-alang ng karapatan ng iba | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nahihinuha na ang paggalang sa karapatan ng iba ay nagdudulot ng matiwasay na buhay.<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Nakatatamo ng kaligayahan sa paggalang sa karapatan ng iba.<br>SAYKOMOTOR:<br>• Nakasasagawa ng listahan na makapagsasawata ng mga gawaing nagpapakita ng hindi paggalang sa karapatan ng iba. | |
| **PAKSA** | Igalang ang Saloobin at Pananaw ng Kapwa | |
| **PAGPAPAHALAGA** | Paggalang at Pagkabukas sa Iba/Respect and Openness to Others | |
| **MGA SANGGUNIAN** | • Marte, N. (N.D.). "*Creative Pedagogies and Approaches in Teaching Values and* | |

| | | |
|---|---|---|
| | *Values Integration in the Various Disciplines*".<br>• (May 2016). *"K to 12 Gabay Pangkurikulum: EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO".* Pp. 97.<br>• (N.D.). "*Edukasyon sa Pagpapakatao:Learner's Manual*". Pp 147-152.<br>• "Paghubog ng Konsensya Batay sa Likas na Batas Moral" [Advertisement]. (2015, September 3). Retrieved November 24, 2017, from https://prezi.com/yxmor0jh4j7d/paghubog-ng-konsensya-batay-sa-batas-na-moral/ | |
| **MGA KAGAMITAN** | Projector, Laptop, Whiteboard Marker, Eraser, Worksheets, PowerPoint Presentation, Videos, Name tags, Visual-aids, Cartolina, Colored paper, Permanent Marker | |
| **GAWAIN** | **Panuto**: Naranasan mo na bang mapahiya o mainsulto ng iba dahil sa pagpapahayag mo ng iyong saloobin o ideya? Ano ans; iyong naramdaman? Basahin at unawain ang sumusunod na kuwento.<br><br>**Kwento:**<br><br>**Si Onding: Laging Siya ang Magaling**<br><br>Kilala si Onding bilang, magaling na mag-aaral. Mataas ang markang nakukuha niya sa mga pagsusulit at lagi siyang nangunguna sa mga talakayan sa klase. Ano pa at masasabing huwaran na mag-aaral si Onding maliban sa | **Anitales**<br><br>(Story Creator – Using Avatars, Dialogues) |

| | | |
|---|---|---|
| | isang kahinaan. Hindi siya marunong tumanggap at gumalang sa opinyon ng iba. Laging siya lang ang magaling at tama. Lingid kay Onding ay matagal na itong napapansin ng kanyang guro. Kapag may kaklaseng naiiba ang sagot sa palagay niya, nagtataas na agad ng kamay si Onding upang mapahinto ito. Kapag siya naman ang nagbibigay ng kanyang opinyon, hindi siya maaaring salungatin. Maging sa mga pangkatang gawain, ipinipilit ni Onding ang gusto niya. llang beses na siyang kinausap ng Guro ukol dito ngunit hindi pa rin maiwaksi ni Onding ang pag-uugaling ito. lsang araw ay nakaisip ang guro ng paraan kung paano matutulungan si Onding sa kanyang kahinaan. "Mga bata, para sa pangkatang gawain natin sa araw na ito, hahayaan ko kayong sumali sa pangkat na nais ninyo. Magtatalaga muna tayo ng isang pinuno ng bawat pangkat. Sino ang mga nais maging pinuno?" Tulad ng inaasahan, nanguna si Onding sa pagtaas ng kamay. Nagkaroon ng pinuno ang bawat pangkat at nabuo na rin ang mga kasapi ng bawat pangkat. Napansin ni Bb. Pelayo na walang pumili sa pangkat na kinatawan ni Onding. Mag-isa niyang isinagawa ang gawain. Ang iba ay nagpapalitan ng kanilang mga mungkahi kung ano ang mas makabubuting gawin. Dumating ang takdang oras ng pagpapakita ng nagawa ng bawat pangkat. Puno ng sigla at sigasig ang mga pangkat sa pagpapaliwanag kung paano nila naitayo ang tore gamit lamang ang diyaryo at pandikit. Pagdating kay'Onding, ipinakita lamang niya ang toreng hindi tapos, nabubuwag, at halos bahagya lamang ang taas. Gayunman, wala ni isa sa kaklase niya ang kumutya sa kanyang gawa. Nagsalita si Onding."Ma'am, ngayon ko napagtanto kung gaano kabuti ang mga kaklase ko. Alam kong hindi maganda ang nagawa ko pero wala akong narinig na | |

| | | |
|---|---|---|
| | paghamak mula sa kanila. Samantalang ako, walang inabangan kundi ang pagkakamali nila at maipahiya sila. Sana ay mapatawad ninyo ako. Nalungkot po ako kanina nang walang pumili sa akin. Pero. ngayon, naisip ko na kung ako ang nasa katayuan nila, hindi ko rin gugustuhing makasama ang isang taong ang tingin sa sarili ay siya lamang ang laging magaling. Masaya ang lahat nang magtapos ang klase lalong-lalo na si Bb. Pelayo dahil alam niyang nagtagumpay siya. | |
| **PAGSUSURI** | **A.1.** Matapos na basahin ang kwento, ano ang iyong naiisip o nararamdaman?<br>**C.1.** Ano ang napagtanto ni Onding sa kanilang pangkatang gawain?<br>**C.2.** Bakit mahalagang igalang natin ang karapatan ng iba na magpahayag ng sariling ideya o opinyon?<br>**B.1.** Paano ipinakikita ang paggalang sa naiibang pananaw ng kapwa? | **Flash It**<br><br>(Flashcard Maker) |
| **PAGPAPALALIM** | **Igalang ang Saloobin at Pananaw ng Kapwa**<br><br>Bilang tao, tungkulin nating igalang at pangalagaan ang karapatan ng ating kapwa. Kung ang lahat ng tao ay matututong gumalang sa karapatan ng iba, tiyak na ang buhay ay higit na matiwasay, ligtas, at payapa. | **Comics Panel Creator**<br><br>(Comics Creator/Expressive Comics Panel) |

| | | |
|---|---|---|
| | **MGA PARAAN UPANG MAIPAKITA ANG PAGGALANG SA KARAPATA NG IBA**<br>Huwag mong aapihin at pagtatawanan ang sinasabi ng iyong kapwa.<br>Pakinggan mo ang iba kapag sila ay nagsasalita.<br>Maging makatarungan ka sa pagsuri ng opinyon ng iba.<br>Isaalang-alang ang damdamin ng iba kung magpapahayag ng sariling pananaw.<br>Itatak mo sa iyong, isipan na ang mga tao ay may iba't karanasan na maaaring makaapekto sa kanilang pananaw at opinyon.<br>Huwag kang magsasalita tungkol sa isang tao sa kanyang likuran. | |
| **PAGLALAPAT** | **Panuto:** Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Katulong ang mga kasapi ng inyong pangkat, gumawa kayo ng posterslogan, collage, flyer, o brochure. Ito ay magpapakita ng maaari ninyong magawa upang maitaguyod ang paggalang sa karapatan ng iba. Tingnan ang halimbrawa sa ibaba.<br><br> | **Canva**<br>(Poster, banner, card maker & graphic design) |

<table>
<tr>
<td rowspan="2">PAGSUSULIT</td>
<td>A. May Pagpipilian<br><br>Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang patlang sa bawat pahayag na nagpapakita ng paggalang sa karapatan ng iba at ekis (X) kung hindi.<br><br>________1. Hindi masama na pag-usapan at pagtawanan ang ibang tao kung sila ay talagang mali o may kakulangan.<br>________2. Kinagigiliwan ang isang batang marunong gumalang sa karapatan ng kanyang kapwa.<br>________3. Kung may kaklase kang nagmamalabis sa iba, maaari mo siyang isumbong sa inyong guro upang matulungan siyang magbago at masawata sa kanyang ginagawa.<br>________4. Ang isang taong likas na matalino ay laging tama. Hindi siya nagkakamali.<br>________5. Ubod ng ganda at talino si Rolena, kaya hindi mo siya maririnig na nilalait o inaapi ang iba.<br><br>Mga Kasagutan:<br><br>1. X<br>2. /<br>3. /<br>4. X<br>5. /</td>
<td>QR Code Reader<br><br>(Questions and Images portraying the situations)</td>
</tr>
<tr>
<td>PAGPAPALIWANAG<br><br>Panuto: Batay sa ating tinalakay, bigyang ipaliwanag o pangangatuwiran ang na pahayag sa ibaba. Ibigay ang sagot sa limang pangungusap lamang.<br><br>“Kung nais mong igalang ka ng iba, ituring mo rin sila nang may paggalang.”</td>
<td>Journey</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Inaasahang Kasagutan:**<br><br>Lahat tayo ay may pantay-pantay na karapatang dapat na kilalanin, igalang, at pangalagrun ng bawat isa. Bilang tao, tungkulin nating igalang at pangalagaan ang karapatan ng ating kapwa. Kung ang lahat ng tao ay matututong gurnalang sa karapatan ng iba, tiyak na ang buhay ay higit na matiwasay, ligtas, at payapa. Maipapakita ang paggalag sa karapatan ng iba sa iba't ibang paraan. Ang sarap mabuhay sa isang lipunan na ang lahat ay marunong gumalang sa karapatan ng bawat isa tulad ng paggalang sa ideya pananaw ng kapwa. | (Journal and Diary) |
| **TAKDANG ARALIN** | Gumuhit ng isang superhero at ihanay o ilista ang maaari niyang magawa upang masawata ang mga gawaing nagpapakita ng hindi paggalang sa karapatan ng iba. | **Avatar Creator**<br><br>(Customize Avatars) |